SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

# KAUTUSAN BLG. 2024-17

**"NAGPAPATIBAY SA MULING PAG-UURI (*RECLASSIFICATION*) NG TATLONG LIBO LIMANG DAANG METRO KWADRADONG (3,500 SQM) NA BAHAGI NG LIMANG LIBO, SIYAM NA DAAN DALAWAMPU'T LIMANG METRO KWADRADONG (5,925 SQM) LUPA NA ISINASALARAWAN SA TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 039-2023013975 NA NAKADATAL SA BARANGAY BONGA MENOR, BUSTOS, BULACAN MULA AGRIKULTURAL TUNGO SA INSTITUSYUNAL, NA NAKALAAN PARA SA PAGPAPATAYO NG BAGONG BUSTOS COMMUNITY HOSPITAL."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Soliman C. Santos**
*Tagapangulo*
**Lupon sa Pagawaing Bayan, Pagamit ng Lupa at Pabahay**

---

**SAPAGKA'T,** isa sa pangunahing pangangailangan na kailangan tugunan ng pamahalaang bayan ay ang serbisyong medikal;

**SAPAGKA'T,** alinsunod sa Seksiyon 20 ng Republic Act 7160, kilala din bilang Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Sangguniang Bayan ay binibigyang kapangyarihan na muling uriin ang mga lupang sakahan at itakda ang pamamaraan ng paggamit nito;

**SAPAGKA'T**, nagsumite ng kahilingan ang Bustos Community Hospital na kinatawan ni Dr. Rowena R. Ocmer para sa muling pag-uri o pagreklasipika ng tatlong libo limang daang metro kwadradong (3,500 sqm) parte ng lupang mula sa kabuuang limang libo, siyam na daan dalawampu't limang metro kwadradong (5,925 sqm) lupa na isinasalarawan sa transfer certificate of title no. 039-2023013975 na pagmamay-ari ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan na nakadatal sa Barangay Bonga Menor, Bustos, Bulacan mula agrikultural tungo sa institusyunal na gamit;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing lupain ang siyang pagtatayuan ng bagong Bustos Community Hospital ng Pamahalaang Bayan ng Bustos;

Engr. Fortunato SJ. Angeles, MPA
Igg. Kyle Gabrielle DR. Navarro
Igg. Wilfredo G. Canoza
Igg. John Patrick L. Perez
Igg. Althaneal E. Quiñones
Igg. Soliman C. Santos
Igg. Phillip Wryner B. Santos
Igg. Juliet DJ. Dela Cruz
Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA
Igg. Leo T. Santos
Igg. Martin SJ. Angeles
Igg. Francis Albert G. Juan

**SAPAGKA'T,** ang pagtatayo ng bagong ospital ay isang mahalagang aspeto upang mapanatili ang kalusugan, mapabuti at mapalawak ang serbisyong medikal sa mamamayang Bustosenyo at karatig bayan nito;

**SAPAGKA'T,** noong Nobyembre 14, 2023, ay nabili ng Pamahalaang bayan ng Bustos ang 3500 sqm na lupain na bahagi ng 5,925 sqm na isinasalarawan sa Transfer Certificate of Title no. 039-2023013975, mula sa Arrak Ventures, Inc.;

**SAPAGKA'T,** kailangang maiuri ang nasabing lupa bilang institusyunal, dahil ito ay nakalaan para sa bagong Bustos Comminity Hospital o pambayang/pampublikong pagamutan ng Bustos, Bulacan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. SOLIMAN C. SANTOS**, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng mga Kasangguning dumalo sa pulong na ito:

**ISINASABATAS, gaya ng dito ay ISINASABATAS,** ng Sannguniang Bayan ng Bustos ang mga sumusunod:

***Seksyon 1. Saklaw ng Pag-apruba.*** - muling inuuri ang tatlong libo limang daang metro kwadradong (3,500 sqm) parte ng lupang mula sa kabuuang limang libo, siyam na daan dalawampu't limang metro kwadradong (5,925 sqm) lupa na isinasalarawan sa Transfer Certificate of Title no. 039-2023013975 na pagmamay-ari ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan na nakadatal sa Barangay Bonga Menor, Bustos, Bulacan mula agrikultural tungo sa institusyunal na gamit.

***Seksyon 2. Basehang Ligal.*** – ang hakbanging ito ay alinsunod sa Seksiyon 20 ng Republic Act 7160, kilala din bilang Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Sangguniang Bayan ay binibigyang kapangyarihan na muling uriin ang mga lupang sakahan at itakda ang pamamaraan ng paggamit nito.

***Seksyon 3. Paggamit ng Lupa.*** – Ang nasabing klasipikadong lupa ay hindi maaaring gamitin sa anumang paraan para sa mga layunin maliban sa aprubadong paggamit para sa ospital at ibang istrukturang may kaugnayan sa serbisyong medical, gaya ng mga sumusunod na infrastructure projects:
- Housing
- Storage facilities and other structures

Engr. Fortunato SJ. Angeles, MPA
Igg. Kyle Gabrielle DR. Navarro
Igg. Wilfredo G. Canoza
Igg. John Erick L. Perez
Igg. Amaneal B. Quiñones
Igg. Soliman C. Santos
Igg. Phillip Wryner B. Santos
Igg. Juliet DJ. Dela Cruz
Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA
Igg. Leo T. Santos
Igg. Martin SJ. Angeles
Igg. Francis Albert G. Juan

- Institutional and other structures with laboratory facilities
- Primary, Secondary, Tertiary Hospitals or Medical Facilities

***Seksyon 4. Tungkulin ng Municipal Assessor.*** – Sa pasubali ng pagtalima sa iba pang batas at regulasyon, agarang itatala ng Municipal Assessor sa kanyang talaan ng ari-arian ang anumang pagbabago sa paggamit ng lupa para sa layunin ng pagbubuwis.

***Seksiyon 5. Pagpapahiwalay na Sugnay.*** – Alinmang bahagi o mga bahagi ng ordinansang ito na mapapayunayang labag sa batas ay hindi magpapawalang bisa sa ibang bahagi na siyang mananatiling may bisa at epektibo.

***Seksiyon 6. Pagpapawalang Bisang Sugnay.*** – Ang lahat ng ordinansya, resolusyon o batas na salungat sa ordinansang ito ay pinapawalang bisa.

***Seksiyon 7. Pagkakabisang Sugnay.*** – na ang ordinansang ito ay magkakabisa matapos lagdaan ng Punong Bayan.

**ISINASABATAS,** ngayong ika-22 ng Hulyo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Nina Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Fortunato SJ. Angeles, MPA**
ABC President

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
SK President

**Igg. Martin SJ. Angeles**

**Igg. Francis Albert G. Juan**

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**PAGPAPATUNAY:**

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay isinabatas ng Sangguniang Bayan ngayong ika-22 ng Hulyo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim

*Sinang-ayunan:*

Nilagdaan ngayong ika-13 ng Agosto 2024

**FRANCIS ALBERT G. JUAN**
Punong Bayan

Engr. Fortunato SJ. Angeles, MPA
Igg. Kyle Gabrielle DR. Navarro
Igg. Willfredo G. Canoza
Igg. John Erick L. Perez
Igg. Aljhaneal E. Quiñones
Igg. Soliman C. Santos
Igg. Phillip Wryher B. Santos
Igg. Juliet DJ. Dela Cruz
Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA
Igg. Leo T. Santos